

<b>Renown Health</b>		Pahina 1 ng 6		
		<b>Petsa na May Bisa ang Kasalukuyang Bersyon:</b>	7/1/2021	
		<b>Petsa ng Paglikha:</b>	12/15/15	
<b>Pamagat:</b>	Mga Alituntunin sa Pagsingil at Pagkolekta sa Pasyente	<b>Kasaysayan ng Pagbabago</b>		
<b>Uri:</b>	Siklo ng Kita	<u>12/15/15</u>	<u>6/20/2018</u>	<u>9/1/2019</u>
<b>Numero:</b>	Renown.SPC.005	<u>10/7/2019</u>	<u>00/00/00</u>	<u>00/00/00</u>
<b>(Mga) May-Akda:</b>	Jennifer Grayson, Direktor ng Integridad ng Kita	<b>Kasaysayan ng Pagrepaso:</b>		
<b>May-ari:</b>	BP ng Siklo ng Kita	<u>9/8/2020</u>		
		<b>Pinapalitan:</b>		
		N/A		

<b>Saklaw:</b>
Ang Renown Health at ang mga kaanib nitong entidad, kabilang ang Renown Regional Medical Center, Renown South Meadows Medical Center, at Rehabilitation Hospital, ay pinagtitiyag ang sumusunod na patakaran at pamamaraan
<b>Pagpapahayag ng Patakaran:</b>
Upang magtatag ng isang pamantayan sa Pagsingil at Mga Pagkolekta para sa mga Pansariling-Pagbabayad na Account.
<b>Kahulugan ng mga Salita:</b>
<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang <u>Panahon ng Aplikasyon</u> (Application Period) ay ang panahon kung kailan dapat tanggapin at iproseso ng Renown ang isang aplikasyon para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP. Nagsisimula ang Panahon ng Aplikasyon sa petsa kung kailan naibigay ang pangangalaga at nagtatapos sa ika-240 na araw pagkatapos ibigay ng Renown ang unang pahayag ng pagsingil.</li> <li>2. Ang <u>Huling Araw ng Pagsingil</u> (Billing Deadline) ay ang petsa na maaaring simulan ng Renown ang Natatanging Aksyon sa Pagkolekta laban sa Taga-garantiya (Guarantor). Dapat na matukoy sa isang nakasulat na abiso sa Taga-garantiya na ibinigay nang hindi bababa sa 30 araw bago ang nasabing huling araw, ngunit hindi mas maaga sa huling araw ng Panahon ng Aplikasyon.</li> <li>3. Ang <u>Huling Araw ng Pagkumpleto</u> (Completion Deadline) ay ang petsa kung kailan maaaring simulan o ipagpatuloy ng Renown ang isang ECA laban sa indibidwal na nagsumite ng hindi kumpletong Aplikasyon sa Tulong Pinansyal kung hindi ibinigay ng nasabing indibidwal ang nawawalang impormasyon at/o dokumentasyon na kinakailangan upang makumpleto ang aplikasyon. Dapat na matukoy sa isang</li> </ol>

Ang mga Patakaran at Pamamaraan na ito ay patnubay para sa Organisasyon. Kinikilala ng Organisasyon na maaaring may mga partikular na katotohanan at/o mga sitwasyon na nangangailangan ng paglihis mula sa isang partikular na takda ng patakaran. Walang anuman dito ang nilalayong mangibabaw sa kakayahan ng isang empleyado na gamitin ang mabuting paghuhukom sa naturang mga sitwasyon.

<b>Pamagat:</b>	Mga Alituntunin sa Pagsingil at Pagkolekta sa Pasyente	Pahina 2 ng 6
<b>Numero:</b>	Renown.SPC.005	<b>May Bisa:</b> <u>7/1/2021</u>

nakasulat na abiso ang Huling Araw ng Pagkumpleto at hindi dapat mas maaga kaysa sa 30 araw pagkatapos maibigay ng Renown ang abiso sa indibidwal; o sa huling araw ng Panahon ng Aplikasyon.

4. Ang Natatanging Aksyon sa Pagkolekta (Extraordinary Collection Action, ECA) ay ang anumang aksyon laban sa isang indibidwal na nauugnay sa pagkuha ng pagbabayad ng isang Pansariling-Pagbabayad na Account na nangangailangan ng legal o hudisyal na proseso o kinabibilangan ng pagbebenta ng Pansariling-Pagbabayad na Account sa ibang partido o pag-uulat ng maling impormasyon tungkol sa Taga-garantiya sa mga ahensiya sa pag-uulat ng kredito ng konsumer o kawanihan ng kredito. Ang karagdagang mga halimbawa ng mga ECA ay kinabibilangan ng: paglalagay ng prenda sa ari-arian ng isang indibidwal, pagsisimula ng sibil na aksyon laban sa isang indibidwal o pagkolekta ng mga sahod ng isang indibidwal. Ang mga ECA ay hindi kinabibilangan ng isang aksyon upang maisakatuparan ang statutory lien sa mga paghahabol sa pananagutan o paglilipat ng isang Pansariling-Pagbabayad na Account sa iba pang partido para sa mga layuning pagkolekta nang hindi ginagamit ang mga ECA, o ang paghahain ng paghahabol sa anumang paglilitis sa pagka-bangkarote. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kahulugan na ito ay makikita sa mga alituntunin ng IRS 1.501(r) - 6 Pagsingil at pagkolekta. Ang mga pagbubukod ay napapailalim sa pag-apruba ng pamumuno.
5. Ang Mga Makatwirang Pagsisikap (Reasonable Efforts) ay nangangahulugan na ipagbibigay-alam ng Renown ang indibidwal tungkol sa FAP bago simulan ang mga ECA at hindi muna sisimula ang mga ECA nang hindi bababa sa 120 araw mula sa petsa ng unang pahayag ng pagsingil pagkatapos ng pagpapalabas sa ospital. Ang karagdagang impormasyon tungkol ng kahulugan na ito ay makikita sa mga alituntunin ng IRS 1.501(r) - 6 Pagsingil at pagkolekta.
6. Ang Indibidwal na Karapat-dapat sa FAP (FAB-Eligible Individual) ay isang Taga-garantiya na karapat-dapat para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP nang hindi isinasaalang-alang kung nag-aplay ba ang indibidwal para sa tulong.
7. Ang Programang Tulong Pinansyal (Financial Assistance Program, FAP) ay ang Programang Tulong Pinansyal ng Renown para sa mga pasyenteng walang seguro at mga pasyenteng kulang ang seguro, na kinabibilangan ng kriterya sa pagkamarapat, ang batayan sa pagkalkula ng Tulong Pinansyal, ang paraan ng pag-aplay, at pag-apruba.
8. Ang (Mga) Taga-garantiya (Guarantors) ay ang pasyente at sinumang iba pang (mga) indibidwal na may responsibilidad para sa account. Maaaring may higit sa isang (mga) Taga-garantiya at maaaring may higit sa isang ospital, pagsingil/propesyonal na account sa pagsingil sa loob ng (mga) Taga-garantiya.
9. Ang Pansariling-Pagbabayad na Account (Self-Pay Account) ay ang bahagi ng account ng mga pasyente na responsibilidad ng (mga) indibidwal ng pasyente o iba pang (mga) Taga-garantiya. Ang halagang ito ay neto ng mga pagbabayad na binayaran ng anumang magagamit na seguro sa pangangalagang pangkalusugan o iba pang ikatlong

<b>Pamagat:</b>	Mga Alituntunin sa Pagsingil at Pagkolekta sa Pasyente	Pahina 3 ng 6
<b>Número:</b>	Renown.SPC.005	<b>May Bisa:</b> <u>7/1/2021</u>

partido na tagapagbayad (kabilang ang mga co-payment, co-insurance at mga ibabawas), at neto ng anumang diskwento.

10. Ang Fair Debt Collection Practices Act (FDCPA) ay mga regulasyon ng pederal na ginagamit na gabay sa aktibidad na pagkolekta  
<http://www.ftc.gov/os/statutes/fdcpa/fdcpact.htm>.

11. Ang mga Diskwento sa Pansariling-Pagbabayad (Self-Pay Discount) ay mga diskwentong ginagamit para sa mga pasyenteng walang seguro o kabalang hindi kabilang ang mga package o mga diskwento sa pansariling-pagbabayad sa parehong araw.

Ang Mga Pag-aayos ng Bayad (Payment Arrangements) ay ang pagpipilian sa pagbayad para sa isang natitirang balanse sa paglipas ng panahon. Ginagamit ito sa mga balanse ng pansariling-pagbabayad na pasyente na walang seguro at may seguro.

**Pamamaraan:**

1. Napapailalim sa pagsunod sa mga probisyon ng patakaran na ito, maaaring gawin ng Renown ang anuman at lahat ng legal na aksyon, kabilang ang Mga Natatanging Aksyon sa Pagkolekta, upang makuha ang pagbabayad para sa mga naibigay na serbisyong medikal.
2. Siklo ng Pagsingil: Hindi bababa sa apat na magkakahiwalay na pahayag para sa pagkolekta ng Pansariling-Pagbabayad na Account ang ipapadala sa koreo o sa email sa huling kilalang adres ng Taga-garantiya. Hindi bababa sa 120 araw ang dapat lumipas sa pagitan ng una at ng kinakailangang apat na ipapadala.
  - a). Pananagutan ng Taga-garantiya na magbigay ng tamang address sa koreo sa panahon ng serbisyo o sa paglipat. Kung walang wastong adres ang isang account, isasagawa ang pagtukoy para sa “Mga Makatwirang Pagsisikap”.
  - b). Para sa mga serbisyong nakabatay sa pasilidad, ang isang detalyadong listahan ng mga singilin ay ipapadala sa koreo sa address ng taga-garantiya na nasa file alinsunod sa NRS 449.243. Ang mga pasyente ay may kakayahang makakuha ng libreng naka-itemize na pahayag kapag humiling.
  - c). Sa ika-apat na pahayag ng Account ng Pasyente makakatanggap ang pasyente ng huling abiso na nagpapaalam sa Taga-garantiya na maaaring magsagawa ng pag-uulat sa kawanihan ng kredito at magsagawa ng legal na aksyon. Magsasagawa ng higit pang aktibidad na pagkolekta, kung hindi magsasaayos ang Taga-garantiya ng naaangkop na mga pag-aayos ng bayad o mag-aplay para sa FAP.
3. Mga Pag-aayos ng Bayad: Ang layunin ng Renown Health ay ang makipagtulungan sa mga pasyente at gumawa ng makatwirang mga Pag-aayos ng Bayad, nang walang interes. Ang pasyente ay maaaring magpatala sa isang panandaliang plano sa

<b>Pamagat:</b>	Mga Alituntunin sa Pagsingil at Pagkolekta sa Pasyente	Pahina 4 ng 6
<b>Numero:</b>	Renown.SPC.005	<b>May Bisa:</b> <u>7/1/2021</u>

<p>pagbabayad, hanggang sa tatlong buwan, sa Renown. Ang anumang mga termino sa plano ng pagbabayad na hiniling para sa mga termino na higit sa tatlong buwan ay nangangailangan ng pag-apruba na batay sa hiniling na mga termino ng plano:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Maaaring aprubahan ng mga Kinatawan ng Serbisyo sa Kostumer ang mga termino na hanggang sa 9 na buwan</li> <li>b. Maaaring aprubahan ng mga Kinatawan ng Serbisyo sa Kostumer ang mga termino na hanggang sa 9 na buwan</li> <li>c. Maaaring aprubahan ng mga Superbisor ng Call Center ng Pansariling-Pagbabayad ang mga termino na hanggang sa 24 na buwan</li> <li>d. Ang anumang mga Pag-aayos ng Bayad na mahigit sa 2 taon ay kailangang aprubahan ng Direktor o itinalaga.</li> </ol> <ol style="list-style-type: none"> <li>4. Pagpopondo sa Pasyente: Ang pagpopondo sa pasyente, sa 0% na interes, ay magagamit sa pamamagitan ng isang ikatlong partido, para sa mga kwalipikado.</li> <li>5. Mga Diskwento sa Pansariling-Pagbabayad: Gagamitin ang mga diskwento sa pansariling-pagbabayad sa lahat ng pansariling-pagbabayad na pasyente na walang seguro. Makakatanggap sila ng 30% diskwento sa kabuuang mga singil. Para sa mga serbisyong nakabatay sa pasilidad, ang mga account na may kabuuang pagsingil na higit sa \$5,000 ay makakatanggap ng karagdagang 30% na diskwento. Ang karagdagang diskwento na 20% sa agarang bayad ay ibinibigay kung ang balanse ay binabayaran nang buo sa oras ng serbisyo, o ng unang pagsingil. Nakasalalay sa mga kwalipikasyon, ang mga pasyente na kulang ang seguro ay maaaring maging kwalipikado para sa mga diskwento (RENOWN.CBO.024).</li> <li>6. Mga Natatanging Aksyon sa Pagkolekta (Extraordinary Collection Action, ECA): Hindi makikilahok ang Renown sa mga ECA, alinman sa direkta o sa pamamagitan ng anumang ahensya ng pagkolekta o iba pang ikatlong partido na kung saan ay isinangguni ng Renown ang utang ng pasyente, bago isagawa ang mga makatwirang pagsisikap upang matukoy kung karapat-dapat ang (mga) Taga-garantiya sa ilalim ng FAP tulad ng nakabalangkas sa patakaran ng FAP (Renown.SPC.006.). Maaaring masimulan ang mga ECA tulad ng sumusunod kung ang isang account ay hindi nabayaran sa loob ng siklo ng Pagsingil: <ol style="list-style-type: none"> <li>a) Kapag nabigo ang Taga-garantiya na mag-aplay para sa FAP.</li> <li>b) Kung nag-aplay ang Taga-garantiya para sa FAP, at tinukoy ng Tulong Pinansyal sa Pasyente na hindi sila karapat-dapat para sa anumang tulong sa ilalim ng FAP.</li> <li>c) Kung nagsumite ang Taga-garantiya ng hindi kumpletong aplikasyon para sa tulong pinansyal at hindi nakikipagtulungan sa pagbibigay ng impormasyon hanggang sa itinakdang petsa ng FAP.</li> <li>d) Ang mga pasyenteng may kakayanan, ngunit ayaw magbayad para sa serbisyo ay ituturing na hindi makolektang masamang utang at isasangguni sa mga tagalabas na ahensya para sa mga pagkolekta.</li> </ol> </li> </ol>
--

<b>Pamagat:</b>	Mga Alituntunin sa Pagsingil at Pagkolekta sa Pasyente	Pahina 5 ng 6
<b>Número:</b>	Renown.SPC.005	<b>May Bisa:</b> <u>7/1/2021</u>

7. Mga Ahensiya ng Pagkolekta: Ang mga ahensiya ng Renown Health sa Pagkolekta ay magpapadala ng abiso sa mga pasyente na nagpapaalam sa kanila na maaaring maisagawa ang ulat sa kawanihan ng kredito.
- Susundin ng lahat ng ahensiya ng pagkolekta ang pagsunod sa pagkontrol sa The Fair Debt Collection Practices Act (FDCPA)  
<https://www.ftc.gov/enforcement/rules/rulemaking-regulatory-reform-proceedings/fair-debt-collection-practices-act-text>
  - Maaaring magsagawa ang Renown ng legal na aksyon sa mga pasyente na hindi nakikipagtulungan para makakuha ng pagbabayad para sa mga serbisyo na ibinigay kapag tinukoy ng imbestigasyon ng ari-arian na may kakayanan ang pasyente na magbayad ngunit ayaw lang nito. Ang mga account na karapat-dapat para sa legal na aksyon ay rerepasuhin at aaprubahan ng Superbisor ng Call Center ng Pansariling-Pagbabayad o ang nakatataas.
  - Sa sandaling maaprubahan, magpapadala ang mga ahensiya sa pagkolekta ng Renown Health ng sertipikadong sulat sa mga pasyente na magpapaalam sa kanila tungkol sa aming balak na magsagawa ng mga legal na aksyon nang hindi bababa sa 15 araw bago ang pagkahain nito, maliban kung naidokumento na namin dati na wala kaming balidong address para sa pasyente.
  - Hindi kailanman kukunin ng Renown Health o magdudulot sa pagkakabenta ng pangunahing tirahan ng mga pasyente. Maaaring maglagay ang Renown ng prenda sa tirahan ng Taga-garantiya at nang sa pagkabenta ng tirahan ng Taga-garantiya ay mababayaran ang obligasyon ng Taga-garantiya.
8. Ang anumang labis na pagbabayad na natanggap sa mga account na naaprubahan para sa FAP ay mapoproseso alinsunod sa patakaran na RENOWN.PRB.005.
9. Ang bawat Kinatawan ng Customer Service ng Call Center ng Pangsariling-Pagbabayad ay may pananagutang basahin at unawain ang mga alituntunin mula sa Fair Debt Collection Practices Act, sa partikular ang 804 hanggang 807.  
<http://www.ftc.gov/os/statutes/fdcpa/fdcpact.htm>

#### Mga Sanggunian:

The Fair Debt Collection Practices Act (FDCPA)

<http://www.ftc.gov/os/statutes/fdcpa/fdcpact.htm>

Renown Health Financial Assistance Program Policy (RHN.ADM.126)

<https://www.renown.org/interact/paying-for-your-care/financial-assistance-program/>

Pagsingil at Mga Pagkolekta - Seksyon 501<sup>®</sup>(6)

<https://www.irs.gov/charities-non-profits/billing-and-collections-section-501r6>

**Commented [A1]:** Please note – Tagalog linguists have recommended we leave this in English for this language, please let us know if you would like this otherwise.  
Thank you!

<b>Pamagat:</b>	Mga Alituntunin sa Pagsingil at Pagkolekta sa Pasyente	Pahina 6 ng 6
<b>Numero:</b>	Renown.SPC.005	<b>May Bisa:</b> <u>7/1/2021</u>

NRS 449.243

<https://www.leg.state.nv.us/NRS/NRS-449.html#NRS449Sec243>

Programa sa Tulong Pinansyal (RENOWN.SPC.006)

Mga Pagsasaayos sa Account Pang Tatanggapin (RENOWN.CBO.024)

Mga Pagbabalik ng Pondo at mga Balanse ng Kredito (RENOWN.PR.B.005)